Opisyal na lathalain ng Agricultural Training Institute
Regional Training Center - CaLaBaRZon

# SIKLAB

Ikatlong Isyu || Enero - Hunyo 2018

*"Kailangan munang magsimula sa maliit, pagkatapos mangarap ng mataas."*

Engr. Edelissa A. Ramos
Certified Learning Site Owner,
Uma Verde Eco Nature Farm





# Director's Note

Ikinagagalak po naming ihayag ang ikatlong isyu ng SIKLAB, ang opisyal na lathalain ng Agricultural Training Institute CaLaBaRZon. Nakalahad sa isyung ito ang mga pinakabagong pagsasanay at gawaing ekstensyon na isinagawa ng ahensya sa unang semestre ng kasalukuyang taon. Nakasaad din dito ang mga kwentong makakapagdulot ng inspirasyon at motibasyon na magpatuloy sa larangan ng agrikultura.

Maging una sa balita at impormasyon sa pagsasaka at pangisdaan sa rehiyon hatid ng SIKLAB. Nawa ang lathalaing ito ay mapalawig pa ang kaalaman ng mambabasa sa mga serbisyong ipinagkakaloob ng ahensya.

Kami, ang ATI CaLaBaRZon, ay patuloy na maglilingkod para sa ikauunlad ng ating mga magsasaka at mangingisda hindi lamang sa rehiyon kundi sa buong bansa.

**Marites Piamonte - Cosico**
Center Director

Opisyal na lathalain ng Agricultural Training Institute
Regional Training Center - CaLaBaRZon

SIKLAB

*This publication is a semestral summary of news and updates in the Agricultural and Fishery Extension published by the Agricultural Training Institute - CaLaBaRZon, an attached agency of the Department of Agriculture*

*Write to us in this email: atirtc4a@gmail.com for comments, feedback and suggestions*

**Follow us!**

www.ati.da.gov.ph/calabarzon
046-419-0210
ATICalabarzon
@aticalabarzon

## Patnugutan

Tagapayo:
*Marites P. Cosico*
*Mariel Celeste C. Dayanghirang*

Punong Patnugot:
*Rolando V. Maningas, PhD*
*Mariel Celeste C. Dayanghirang*

Tagapamahalang Patnugot:
*Jamila Monette B. Balmeo*

Mga Manunulat:
*Mariel Celeste C. Dayanghirang*
*Maridelle G. Jaurigue*
*Janine L. Cailo*
*Jamila Monette B. Balmeo*
*Maria Rosario Ignacio*
*Rizalito T. Astrera*

Disenyo/Layout:
*Jamila Monette B. Balmeo*

## Mga Nilalaman

2 Director's Note
2 Patnugutan
3 Kabataang de Kalibre
4 SuperHumans: Ang Kanilang Obra at Sining
5 Pagsasanay sa paglulubid ng hibla mula sa bunot ng niyog
6 Uma Verde Eco Nature Farm: Lugar-Sanayan at Munting Paraiso ni Edelissa Ramos
8 742 magbababoy, nagsipagtapos sa Farmers' Field School ng SPF
Tribong Dumaga sumailalim sa Pagsasanay sa Sustenableng Agrikultura at Pagpapalago ng Samahan/ Organisasyon
9 On Air: Radyo Eskwela mapapakinggan sa Cavite, Laguna at Quezon
10 Agri-Buhay: Nagpapasigla sa kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda
11 Mga guro at kabataan nagsanay sa Urban Agriculture
Industriya ng mangga, pinalalakas sa bayan ng Gumaca

# Kabataang de Kalibre

Mariel Celeste C. Dayanghirang

Paano na ang sektor ng agrikultura kung umiedad na ang mga magsasaka? Sino na ang mamamahala ng mga lupang sakahan sa Pilipinas? Patuloy na humanap ng solusyon ang Agricultural Training Institute-Region IVA upang maengganyo ang mga kabataan na bigyang pansin ang agrikultura.

Ang programang "Kabataang de Kalibre" ay naglalayon na mabigyan ng ibayong kakayahan ang mga kabataan at magresulta sa positibong pananaw sa mga potensyal ng agrikultura bilang isang negosyong mapagkakakitaan. Malimit, ang mga kabataan ay nagiging huling alternatibo ang agrikultura marahil dahil sa makalumang konsepto na "walang pera" sa agrikultura. Sa pamamagitan ng programa, may mga bagong sisibol na agriprenor na taas-noong masasabi sa kanilang sarili, na ako ay isang "KABATAANG DE KALIBRE". May kalidad at may magandang tinatahak at kinabukasan sa larangan ng agrikultura.

Sinimulan noong Marso ang pagpapatupad ng programa at matatapos na ng Agosto. Mula Marso hanggang Hunyo, may kabuuan ng **90 kabataang sinanay sa organikong pagsasaka at 95% ng mga ito ay nakapasa na sa TESDA NCII (Organikong Pagsasaka).** Isinagawa ang programa kabalikat ang mga Certified LSA at SPA at ESP sa rehiyon, na TESDA Farm School din ang karamihan. Namalagi sa loob ng pitong araw sa mga sumusunod: Ato Belen's Farm (ABF) sa San Pablo City, Cortijo de Palsabangon sa Pagbilao, Chad's Nature Farm sa Mataas na Kahoy at sa Mendez Organic Farms sa Mendez, Cavite. May isang araw na inilaan sa pagkuha ng TESDA NC II. Sa buwan ng Hulyo ay sa EV Sanchez Farm sa Jalajala, Rizal, Sweet Nature Farms sa Sta. Maria, Laguna, sa ABF at sa Uma Verde Eco Nature Farm sa Candelaria, Quezon.



## JOSEPH BORGONIA - LAGUNA

"Team Liliw would like to thank ATI IVA and Ato Belen's Farm for the Kabataang De Kalibre Program. Dahil po sa programang ito ay natutunan namin ang kahalagahan ng R.A.10068 o ng Organic Agriculture Act of 2010 na siyang susi sa pag unlad ng organic industry ng ating bansa. Salamat po at kami ay natuto hindi lamang sa pamamagitan ng mga lectures, bagkus ang mga ito ay pinatibay pa ng mga hands on activities sa diwa ng learning by doing. Salamat po".

## JOHN CARLO CORDOVA - QUEZON

"Isa kami sa mapalad  na mga kabataan sa Quezon dahil binigyan kami ng pagkakataon mapabilang sa training na ito. Nadagdagan at lumawak ang aming kaalaman tungkol sa pang agrikulturang organiko. Magagamit namin ito sa aming kinabukasan".

## AIRA NEI BASTAOANG - CAVITE

"Ang pagkakaroon ng ganitong pagkakataon sa bawat isa sa aming mga kabataan ay napakalaking oportunidad. Isang programa na sadyang nagpayabong sa aming kaalaman higit sa organikong agrikultura. Malaki  ang naging ambag nito hindi lamang sa amin, sa ekonomiya at higit sa lahat sa ating kalikasan. Ang mga naging pag aaral namin tungkol sa vegetable production, fertilizer and soil enhancer at vermi culture ay makakapagbunsod ng malaking tulong sa amin at sa bawat isa sa atin. Ngayon po nagpapasalamat po kami sa lahat mula sa ATI, DA, facilitator at lahat ng tao sa likod nito. Thank you. At masasabi ko na hindi kami uuwi ng nakangiti lang kundi may marami at maunlad na kaalaman".

## MARC BYRON CASALME – BATANGAS

"Maraming salamat po sa ating Mahal na Panginoon na nagbigay po sa atin ng buhay. Ikinagagalak po namin na dumating ang taga ATI at nagbigay ng mga ganitong pagsasanay sa mga kabataan na tulad ko. Nagpapasalamat po kami sa kanila na nagbigay ng oportunidad sa akin at sa bawat kabataang nakilahok sa training na ito. Kung hindi po dahil sa lahat ng taong nasa likod nito ay wala po kaming makukuhang kaalaman na kailanman ay hindi makukuha sa amin tungkol sa Organikong Pagsasaka. Maraming salamat po".

# *SuperHumans:* Ang Kanilang Obra at Sining

**Jamila Monette B. Balmeo**



Ika – 13 ng Enero 1998 nang marehistro bilang isang kooperatiba ang LBMPC na noo'y kinabibilangan ng 21 na miyembro. Sa di inaasahang pagkakataon, natigil ang operasyon ng samahan datapwat muling ipinagpatuloy ang pagpapatakbo ng kooperatiba taong 2006 at sa kasalukuyan ay may 67 na pangkalahatang miyembro na. "Kami bilang kooperatiba na may miyembro na may kapansanan, ang Lingkod Banahaw, ay nanatiling nakatayo kasi ang konsepto ng grupo nagkakaisa at nagtutulong-tulong," pagmamalaki ni Pablo.

Ang pangunahing layunin ng LBMPC ay makapagbigay ng kabuhayan at pagkakakitaan sa mga may kapansanan. "Cross disability ito. May deaf, physically impaired, visually impaired, developmental delay na mini-mix namin sa uri ng trabaho. Kasi nga ang gusto namin magkaroon ng trabaho yung mga may kapansanan," saad ni Pablo. Ituring man silang may kapansanan ay hindi pa rin nawawala sa samahan ang kaugaling Pilipino na 'bayanihan'. Bawat miyembro ay nagtutulong-tulong para maisakatuparan ang isang proyekto.

*"Ang kapansanan, kapansanan lang yan. Hindi yan dahilan para yung isipan mo ay mawalan ng pag-asa. Gusto namin dito sa Lingkod Banahaw, kami'y kapantay. Kapantay kami ng mga ordinaryong tao na hindi nila kami kailangang kaawaan kasi yung kaya nilang gawin kaya naming patunayan na kaya rin naming gawin. Ang kailangan namin ay equal opportunity. Tingnan kami bilang mamamayan. Tingnan kami bilang tao. Huwag kami tingnan bilang taong may kapansanan."*

***G. Pablo Aranas***
***Punong Tagapamahala ng Lingkod Banahaw Multi-Purpose Cooperative (LBMPC)***

## Organikong Pagsasaka, Kinabukasan ng Agrikultura

Bukod sa kinagawiang paggawa ng mga school chairs, ang LBMPC ay natuto at nakahiligan na rin ang organikong pagsasaka. Noong 2015, ang Agricultural Training Institute (ATI) CaLaBaRZon ay nagsagawa ng pagsasanay sa organikong agrikultura at pag-aalaga ng native na manok. "Bakit kami magve-venture into organic farming? Kasi ang gusto namin mapatunayan na ang mga may kapansanan pala ay pwede ring farmer. At ang kalidad ng produkto ng may kapansanan ay ganun din at mas maganda kasi organic. **Gusto naming makita na hindi dahil may kapansanan ay hindi mo na kaya magbungkal ng lupa, hindi mo na kaya magtanim. Kasi pinapatunayan namin na nakakapag tanim kami," banggit ni Pablo.** Sa kasalukuyan, ang LBMPC ay namamahala na ng dalawang ektaryang sakahan. Nagtatanim sila ng kamatis, talong, dragon fruit, calamansi, saging at mangga. "Yung mangga hindi talaga namin ini-isprayan, organic talaga. Yun ang nasa isip namin noon pa. Yan ang future ng Agriculture, ang organic farming," pagpapatunay ni Pablo. Dagdag pa rito, si Pablo ay pumupunta sa iba't ibang lugar para mas lumalim pa ang kanyang kaalaman sa pagsasaka. Kabilang na sa kanyang nabisitang sakahan ay ang pagmamay-ari ni Mr. Ramon Uy sa Bacolod kung saan nabuksan ang kanyang isip sa vermicomposting. Ibinabahagi niya ang kanyang mga natutunan sa grupo para magsilbing inspirasyon at motibasyon na ipagpatuloy ang nasimulan sa pagsasaka.

Si Wendel Arapeles, miyembro ng LBMPC at isa sa mga naging kalahok sa pagsasanay sa pag-aalaga ng native na manok ay hindi naitago ang kanyang galak sa mga nakalap na impormasyon mula sa mga aralin sa pagsasanay. Sa limang manok na sinimulan niya ay napalaki at napadami niya ito ngayon na may kabuuang bilang na 40 na manok na.

Anya, "naging inspirasyon sa akin ang pag-aalaga ng native chicken. Kada hapon umuuwi ako para intindihin ko yung aking mga alagang manok. Ngayon ay mahigit 40 na ang aking alagang manok mula sa 5 manok na ibinigay sa akin. Pinaparami ko po. Natutunan ko yung paano alagaan ng mabuti para dumami ang manok." Habang dagdag naman ni Amandy Felipe, miyembro rin ng LBMPC at kalahok sa pagsasanay sa organikong agrikultura, **"malaki ang bagay na ikaw ay makapag training kasi alam mo ang gagawin mo at kung paano mo ia-apply.** Naging malaking dagdag kaalaman sa akin. Ako ay laki sa bukid. Kung ikaw ay nag training alam mo yung process ng pagtatanim."

### Ang Sikreto tungo sa Tagumpay

Ang sikreto sa likod ng tagumpay ng LBMPC ay ang mga miyembro nito mismo. Sila ay nagkakaisa para mapataas ang antas ng kalidad ng buhay ng bawat miyembro at ng kanilang pamilya. "Ang aking orientasyon sa kanila, ito yung kinabukasan natin. Ito ang kinabukasan ng mga anak natin. Sila yung makakamana ng lahat ng ipupundar natin ngayon para sa pamilya natin. Darating ang panahon na may maganda talagang buhay na maidudulot bilang kasapi ka ng Lingkod Banahaw," pagtatapos ni Pablo.

# Pagsasanay sa paglulubid ng hibla mula sa bunot ng niyog

Rizalito T. Astrera - Pangulo, SAMAKAPA

Isang matagumpay na pagsasanay sa paglulubid ng hibla ng niyog (Coco Fiber) ang isinagawa noong ika - 26 ng Hunyo taong kasalukuyan sa Lugar ng Proyekto (Project Site) sa Purok Kayemito, Sitio Ikdan, Brgy. Magsikap Gen. Nakar, Quezon.

Ang pagsasanay ay dinaluhan ng labingdalawang (12) kasapi ng Samahan ng Magsasaka Katuwang sa Pag-unlad (SAMAKAPA), mga tauhan ng Philippine Coconut Authority (PCA), (CDO) na kinatawan nina Lovely S. Artiasa at Jeen Ann Tolledo at mga nangasiwa sa pag-anyaya ng mga subok (skilled) na tagapagsanay (trainer) sa katauhan nina: Merle A. Orenas at Eriberta Madely A. Mojado ng Nagcarlan, Laguna. Dumalo rin sa pagsasanay si Ronie Flaviano buhat sa Tanggapan ng Pambayang Agrikultor (OMA).

Layunin ng pagsasanay na makagawa ng lubid at iba pang produkto na may sangkap ng lubid mula sa hibla ng niyog (coco fiber) na may kalidad na ayon sa kagustuhan ng mga mamimili kabilang ang Geo Net.

Ang programa o proyektong ito ay isa sa komponent ng "Climate Resilient Agriculture Livelihood and Community" na magkakatuwang ng itinataguyod ng Agriucultural Training Institute (ATI) - Region IV-A, PCA, Pamahalaang Lokal ng General Nakar, Quezon, SAMAKAPA komunidad at tulong kaalaman buhat sa Southern Luzon State University (SLSU), at Cavite State University (CvSU). Dagdag pa rito, layunin pa rin ng programa ng makagawa ng madamihang produksyon ng organikong abono, sangkap ang mogmog (coco peat) ng giniling na bunot upang matugunan at maitaguyod ang makakalikasang pagsasaka na angkop sa pagbabago-bago ng panahon.

Matiyaga at masinop na ipinakita ng tagapagturo ang mga paraan o sistema upang mapabilis at maayos na magawa ang de kalidad na lubid buhat sa hibla ng niyog.



Matapos ang pagsasanay at dayalogo o pag-uusap ay napagkasunduan na ang mga nagsanay ay tuloy-tuloy na isagawa ang paglulubid (twinning) at sa kanilang pagbabalik ay ituturo naman ang paglalala (weaving) at paglikha ng iba pang produkto.




# Uma Verde Eco Nature Farm: Lugar-Sanayan at Munting Paraiso ni Edelissa Ramos

**Maridelle G. Jaurigue**



"You have to start small, then dream big."

Ang mga katagang ito ang patuloy na nagbibigay ng inspirasyon kay Edelissa A. Ramos, isang Inhinyera na ngayon ay nagsusulong ng Likas-Kayang pagsasaka sa munting bayan ng Candelaria, Quezon. Siya ang may-ari at punong tagapamahala ng Uma Verde Eco Nature Farm, isang Certified Learning Site ng ATI Region IV-A.

**Pagsusulong ng Likas-Kayang Pagsasaka at IDOFS**

Sa kanyang pagsisimula ay batid na ni Edel na nais niyang tahakin ang natural o Likas-Kayang pagsasaka. "A friend of mine introduced me the natural farming system at na-kumbinsi niya ako na mag-farm na rin ako" ani ni Edel. Sa murang isip, namulat si Edel sa buhay-pagsasaka dahilan sa ang kanyang ama ay may palayan sa Maramag, Bukidnon.

Bunsod ng isang trahedya sa pamilya, dinala ni Edel sa bayan ng Candelaria ang kanyang magulang upang doon ipagpatuloy ang kanilang kabuhayan."Nag-umpisa lang siya [tatay ko] na magtanim ng saging. Habang naghihintay ng baba ng niyog, may saging na pagkakakitaan sya." Noon ang kanilang lupain ay humigit-kumulang ng 8,000 metro-kuwadrado pa lamang. Ngunit, ani Edel, ito na ang naging hudyat ng paglago ng Uma Verde. Nagsimula na silang magtanim ng iba't-ibang fruit-bearing trees at unti-unting nag-alaga ng baboy.

Si Edel ay nakapagtapos ng pagsasanay na Training of Trainers (ToT) on Farm Business School (FBS) noong Marso 2017, isang programa ng Agricultural Training Institute (ATI) Region IV-A, katuwang ang Villar SIPAG. Ito ay sampung araw na pagsasanay na naglalayong hasain ang mga magsasaka sa sistematikong pamamalakad ng bukirin, tungo sa pagiging isang Agripreneur.

"Natutunan ko sa ToT na kapag nag-alaga ka ng livestock, hindi dapat naka-rely lang sa bibilhin mo na Molasses o Rice Bran. Dapat may sarili ka ring tanim" ani Edel.

Dagdag pa rito, aniya, marami rin siyang natutunan ukol sa pag-resaykel ng mga basura sa sakahan upang gawing organikong pataba. Batid din niya na ang bawat teknolohiya at proseso sa bukirin ay magkakaugnay.

**Ang Munting Paraiso ni Edel**

Ang Uma Verde Eco Nature Farm ay matatagpuan sa barangay Taguan, Candelaria, Quezon. Pagpasok sa munting paraisong ito ay mararamdaman na ang sariwang samyo ng hangin at makakasalubong ang ilan sa mga grupo ng biik na malayang namamasyal sa kanyang bukid. Dito rin ay makikita ang farm house kung saan nakatira ang buong pamilya, kasama ang kanyang dalawang apo.

Sa paglibot sa farm ay makikita ang kanyang greenhouse na naglalaman ng iba't-ibang herbs at spices, bahay kubo na laman ang mga [organikong] gulay sa awiting "Bahay Kubo", iba't-ibang lahi ng manok, kuneho at ang kanyang mga native na baboy.

Mula sa dating 8,000 metro-kuwadrado, ngayon ito ay may kabuuang lawak na 3.6 ektarya.

Ani ni Engr. Edel, dati ay sinubok niyang magpalaki ng mga kambing. "Nag-switch ako to native pig production. Hapyaw pa lang ang aking trainings na nasalihan. Pero ang DA at ATI, maraming training na ibinibigay" dagdag niya. Ang native pigs ang pangunahing pinagkukunan ng kita ng pamilya ni Edel.

"Kasi hindi naman nawawalan na every month may birthday o ikinakasal. Naghahanap sila ng pang-litson na native kasi ang trend na ngayon eh ang native na litson ay mas masarap kaysa sa komersiyal na baboy" kwento niya.

**Tungo sa Pagkaganap na Lugar-Sanayan**

Tangan ang pangarap at kasiglahan sa pagkatuto, aktibo din siya sa social media upang ibahagi ang kanyang adbokasiya. "Once din may makita ako na post sa facebook patungkol sa pagsasanay sa isang lugar, talagang pinupuntahan namin. Kahit hindi kami kasama sa listahan, [Ma'am pwede ba kahit sit-in lang]."

Noong 2017, naging masuwerteng yugto ito para sa kabuhayan at pagsusumikap ni Edel. Sa ayuda ng Provincial Veterinary Office ng Quezon, ginawaran siya ng Gawad Saka bilang **National Outstanding Small Animal Raiser.**

"Nung nanalo ako, mas maraming nagpapahalaga sa akin. Ito ay naging isang paraan upang mas lalo pang makilala ang Uma Verde at ako [as a person]" aniya. Dagdag ni Edel, kaniyang pinapahalagahan ang parangal sa pamamagitan ng pagsisilbing tagapagtalakay sa mga pagsasanay, at pagbabahagi ng kaniyang kwento upang magsilbing inspirasyon sa ibang magsasaka.

Hindi matatawaran ang malaking papel na ginampanan ng ATI Region IV-A sa nakamtan na akreditasyon ni Edel. Ayon sa kanya, dati ay hindi siya konektado sa ahensya, ngunit matapos ang kaniyang pagsasanay ng FBS, tuloy-tuloy ang pag-sertipika sa Uma Verde.

Noong ika - 8 ng Mayo taong 2017, ginawaran ng ahensya ang Uma Verde bilang isang Learning Site na nakatuon sa Integrated Farming System. Ito ay nangangahulugan na opisyal siyang kabalikat ng ATI Region IV-A sa pagsisilbing modelong bukid na nagpapakita ng iba't-ibang istratehiya at pamamaraang pang-agrikultura, kasabay ng pagtulong sa pag-angat ng maliliit na magsasaka at ibang miyembro sa komunidad. Katunayan, ang Uma Verde ay nagsilbi na ring lugar-sanayan para sa ilang gawain ng ahensya: a) Provincial Consultative Meeting ; b) Training on Apiculture c) ToT on Mechanization and Postharvest for Cacao. Bilang karagdagang suporta ay nabigyan din si Edel ng ATI Region IV-A ng incubator para sa kanyang mga native na manok.

Matapos nito, dumaan ang Uma Verde sa serye ng ebaluwasyon upang maging isang Farm School. Di kalaunan ay pinagtibay ito ng TESDA at noong ika - 13 ng Hulyo taong 2017 ay isang ganap na lugar-sanayan kung saan maaaring kumuha ng bokasyonal na kursong Organic Agriculture Production NCII. Ito ay katumbas ng 232 oras na pagsasasanay ukol sa pag-aalaga ng organikong manok, pagtatanim ng organikong gulay kasama ang paggawa ng organikong pataba at mga concoctions.

Hindi natapos dito ang pagnanais ni Edel na maging tanyag ang Uma Verde upang maipalaganap ang kaniyang adbokasiya at mga pamamaraang Likas-Kayang pagsasaka. Sa kanyang pagpupursigi ay sinertipikahan ng Department of Tourism (DOT) IV-A noong ika - 30 ng Nobyembre taong 2017 ang Uma Verde bilang isang Agri-Tourism Farm Site.

Ang mga pagkilala na ito mula sa mga kaagapay na ahensya ay patunay na bukod sa karanasan, sumusunod sa mga regulasyon at competency-based learning materials ang mga pagsasanay na isinasagawa sa Uma Verde. Ani ni Edel, nai-uugnay nila ang mga modyul sa aktuwal na ginagawa sa bukirin, dahilan upang maging kapanipaniwala ang itinuturo nila sa mga magsasaka.

Ayon pa sa kanya, kinakailangan na hands-on ang isang magsasaka sa kanyang bukirin. **"Para masubaybayan mo ang process, alaga ka muna ng konting baboy, konting manok, para pag nahasa ka na, alam mo na ang technologies, saka ka mag-start mag-invest." Importante rin aniya na nandoon ang pagmamahal at "passion" sa bawat ginagawa.**

Sa pamamagitan ng kanyang kabuhayan ay unti-unting binubuo ni Edel ang pangarap na munting paraiso para sa pamilya. Nais niya na pag nag-retiro ang kaniyang kabiyak mula sa pagiging isang Overseas Filipino Worker (OFW) ay sama-sama na silang mag-anak na magpapalago ng Uma Verde.

Ang pamamahala ng isang bukirin na nagsusulong ng Likas-kayang pagsasaka ay sumasalamin sa layunin sa buhay ni Edel. "Noon naman talaga nagsimula ang Adam and Eve na nilikha ni God, na nandoon tayo, na maging steward tayo ng kanyang creation. Pangalagaan natin ang kalikasan at ang kaniyang mga nilikha" aniya.



# 742 magbababoy, nagsipagtapos sa Farmers' Field School ng SPF

Maridelle G. Jaurigue

Hinamon ng Agricultural Training Institute (ATI) Officer-in-Charge Direktor Luz A. Taposok ang 742 magbababoy na nagsipagtapos ng Farmers' Field School (FFS) sa Sustainable Pig Farming (SPF).

Binigyang-diin niya na magsisilbing halimbawa sa kani-kaniyang komunidad ang mga nagsipagtapos at may misyon na gamitin ang kanilang napag-aralan sa kanilang mga babuyan. Inaasahan din na ibabahagi nila ang mga pamamaraan at teknolohiya para sa ikabubuti ng ibang nag-aalaga ng baboy.

Sa loob ng dalawampung linggo, dumalo ang mga magbababoy sa lingguhang pagsasanay upang pag-aralan ang sustenable at natural na paraan ng pag-aalaga ng baboy. Ang SPF ay sumusunod sa natural na proseso ng pagsasaka kung saan ang hayop ay hindi binibigyan ng sintetikong pakain at gamot.

Ani ni Vicenta Morandante, isa sa mga nagsipagtapos sa pitong-buwang durasyon ng programa, "Nabuksan ang aming mata, at nabuksan ang aming kaisipan kung paano alagaan ang kalusugan ng mga tao at maging concern tayo sa ating kapaligiran."

Noong Nobyembre 2017, inilunsad ng ATI Region IV-A ang FFS-SPF sa pakikipagtulungan ng mga Opisina ng Provincial Veterinary sa rehiyon. Sa kanyang paglalagom, nagbalik-tanaw si Gng. Marites Piamonte-Cosico, Center Director ng ATI IV-A sa pagkabuo ng proyekto.



Ang wika ni Cosico, ito ay nagsimula taong 2013 sa piling bayan sa Laguna, partikular sa Nagcarlan, Majayjay, at Magdalena. Nagbunga nang maganda ang programa na naging daan sa isang Training of Trainers (ToT) para sa mga tekniko sa paghahayupan. Sila ang inaasahan na magsagawa at magturo ng proseso ng SPF sa pamamagitan ng FFS sa kanilang komunidad.

Sa tulong ng ipinagkaloob na limang weanlings [kada grupo ng FFS] ng DA RFO IV-A at pagsasanay mula sa ATI IV-A, inaasahan na mapauunlad ng mga nagsipagtapos sa programa ang produksyon ng baboy sa kanilang munisipalidad.

Ang pagtatapos ay naganap noong ika-13 ng Hunyo taong kasalukuyan sa Cultural Center Laguna, Sta. Cruz, Laguna.

# Tribong Dumagat sumailalim sa "Pagsasanay sa Sustenableng Agrikultura at Pagpapalago ng Samahan/ Organisasyon"

Janine L. Cailo

Tatlongpung miyembro ng katutubong Dumagat sa lungsod ng Antipolo ang dumalo sa tatlong araw na pagsasanay sa "Sustainable Agriculture and Organizational Development."

Ang pagsasanay na ito ay bunga ng Participatory Rural Rapid Appraisal (PRRA) na isinagawa ng mga kalahok ng 4H Club sa kanilang pagsasanay na "Sensing Journey to IP Community" noong ika - 22 hanggang 27 ng Abril taong kasakuluyan na ginanap sa Brgy. Calawis., Antipolo City.

Sa nasabing PRRA, nakita na may kawalan ng interes sa pagsasaka sa dahilang kulang ang kagamitan sa pagsasaka tulad ng mga abono, binhi, makinarya, gamit pangsaka; maayos na kalsada; at kakulangan sa kaalaman sa mga makabago at angkop na teknolohiya sa agrikultura.

Ayon kay G. Roy Roger D. Victoria II, Project Officer, natutunan ng mga kalahok ang sustainable agriculture, record keeping and marketing, organic agriculture production, controlling pest, at paggawa ng mga concoctions.

Nilayon din ng pagsasanay na bigyan-kakayahan at mapahusay ang kasanayan at kaalaman ng mga kalahok sa "organizational development." Nagkaroon din ng pagtatalakay sa "values formation."

Lubos ang pag-tanggap ni John Mark L. Antillon, 26, miyembro ng tribo ng Dumagat, sa organikong pagsasaka sa kanilang komunidad.

"Sa ngalan ng tribong dumagat ako po ay lubos na nagpapasalamat sa DA-ATI sa pagkakataon na ipinagkaloob sa amin na nakadalo sa uri ng pagpupulong na kagaya nito na kung saan ay layunin ang maiangat ang kaalaman at pamamaraan ng mga katutubo sa larangan ng agrikultura. Nawa ang mga ideya at mga pamamaraan na itinuro sa pagsasanay na ito ay isabuhay at hinihiling ko ay sensiridad ng bawat isa, ang paggawa na kung saan ang lahat ng ito ay hindi masayang, nawa hindi ito ang maging wakas, bagkos maging simula sa pagyakap sa natural na pamamaraan ng pagahahalaman. Ikaw, ako, tayo ay katutubong Pilipino, Go Organic Tayo," wika ni Antillon.

Matapos ang pagsasanay at mapatibay ang samahan ng tribong Dumagat, ayon kay G. Victoria, magkakaron ng Phase III ang proyekto ito kung saan magtatayo ng technology demonstration site sa Brgy. Cawalis na pamamahalaan ng mga kalahok upang ang mga natutunan nila sa pagsasanay ay patuloy nilang magawa sa kanilang komunidad at maibahagi pa ito sa iba nilang katribo.



Pinadaloy ng Career, Development, and Management Services (CDMS) Section ng ATI 4A sa pangunguna ni G. Victoria kasama ang mga piling 4H members ng CaLaBaRZon at mga tagapagsalita mula sa Office of the Provincial Agriculturist ng Rizal.

Ginanap ang pagsasanay noong ika-19 hanggang ika-21 ng Hunyo ng kasalukuyang taon sa Boso Boso Highlands Resort, Antipolo City, Rizal.

# On-Air:
## Radyo Eskwela mapapakinggan sa Cavite, Laguna at Quezon

Jamila Monette B. Balmeo

Para higit pang mapalawig ang pagpapaabot ng impormasyon sa agrikultura, ang Agricultural Training Institute (ATI) CaLaBaRZon ay nagsasagawa ng tatlong (3) School on Air (SOA) o Paaralang Panghimpapawid sa probinsya ng Cavite, Laguna at Quezon ngayong taon. Ito ay nakatuon sa Sustainable Pig Farming (SPF), Integrated Diversified Organic Farming Systems (IDOFS) at High Value Crops (HVC).

Ang "Radyo Eskwela sa Pag-aalaga ng Baboy" para sa mga nag-aalaga ng baboy sa Cavite ay mapapakinggan sa 702 DZAS AM tuwing Lunes, ika – 11:20 hanggang 11:50 ng umaga. Ang unang pag-ere ay naganap noong ika – 25 ng Hunyo. Ang programa ay tatagal hanggang ika – 24 ng Setyembre. Ilan sa mga paksang pag-aaralan ay ang organic concoctions, sakit ng baboy at Animal Welfare Act of 1998. Ang piling mag-aaral ng Cavite State University (CvSU) ay inaasahan ding maging kalahok ng programa.Si Bb. Janine L. Cailo, Information Officer II ng ATI IV-A ang itinalaga bilang "Project Officer" ng nasabing programa.

Ang SOA sa Organikong Agrikultura (OA) na pinamagatang "Usapang OA: Radyo Eskwela ukol sa IDOFS" na pinangungunahan ni Bb. Maridelle G. Jaurigue, Media Production Specialist II ng ATI IV-A, ay unang sumahimpapawid noong ika – 11 ng Hulyo, alas dose ng tanghali hanggang ala una ng hapon, sa probinsya ng Laguna sa pamamagitan ng Radyo Natin Laguna 106.3. Kabilang sa mga paksang tatalakayin ay ang climate smart agriculture, IDOFS, organic production, marketing at loan program para sa mga magsasaka.

Samantala, ang Unlad Saka: Isang Radyo Eskwela Para sa Bondoc Peninsula na nakatuon sa HVC ay unang napakinggan noong ika – 13 ng Hulyo sa ganap na alas dose ng tanghali hanggang ala una ng hapon sa Radyo Natin BonPen 102.5 FM.
Ito ay pinapangasiwaan ni Bb. Jamila Monette B. Balmeo, Information Officer II ng ATI IV-A. Ang mga potensyal na mga mag-aaral ay mga nagtatanim ng cacao, ubi, saging at calamansi kung saan matututunan nila ang pagpili ng angkop na lupa o lugar taniman at variety, wastong pagtatanim at pangangalaga, upland agricultural technology, Good Agricultural Practices (GAP), food safety at iba pa.

Ang SOA ay isang paraan ng paghahatid ng malawakang impormasyon sa potensyal na mga mag-aaral gamit ang radyo o telebisyon.



# Agri-Buhay:
## Nagpapasigla sa kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda

Maridelle G. Jaurigue




Base sa datos noong Oktubre 2016 ng Philippine Statistics Office, bumaba ang insidente ng kahirapan ng pamilyang Pilipino sa CaLaBaRZon sa 10.4 porsyento taong 2015, mula sa 11.4 porsyento noong taong 2012. Gayunpaman, isa sa sampung pamilya pa rin ang may kita na mababa sa kinakailangang gastos upang matugunan ang pagkain at iba pang pangunahing pangangailangan ng pamilya.

Kabilang sa mga pamilyang apektado ng kahirapan ay mga magsasaka at mangingisda na naninirahan sa 5th class na munisipalidad sa rehiyon. Ang kanilang kondisyon ay pinalalala ng pabago-bagong panahon, gayundin ang kakaunting oportunidad na pagkakakitaan, kakulangan sa edukasyon at kahirapan.

Bilang tugon sa suliraning ito, nilikha ng tanggapan ng Agricultural Training Institute Region IV-A ang isang sustenableng proyekto na Agri-Buhay. Ito ay tumutuon sa Agrikultura bilang buhay at pangunahing hanapbuhay ng mga apektadong pamilya sa 4th - 5th class na munisipyo.

Sa kabuuan ay may labimpitong (17) munisipalidad na kabilang sa 5th class ang kalahok ng proyekto. Layunin ng Agri-Buhay na makapagbigay ng suporta at hanap-buhay sa pamamagitan ng ibat-ibang paksa at proyektong pang-agrikultura. Ito ay binubuo ng 1) Farm Business School (FBS) - 20 weeks na may "financial literacy"; 2) Package of Applicable Technology (PoT); at 3) Starter Kit (pagkatapos ng pagsasanay).

Kabilang ang munisipalidad ng General Emilio Aguinaldo (Cavite), Famy, Mabitac, Rizal, Pakil (Laguna), Balete, San Nicolas, Sta. Rita (Batangas), Agdangan, Alabat, Patnanungan, Perez, Plaridel, Quezon at Sampaloc (Quezon).

Matagumpay nang naisagawa ang mga pagsasanay sa munisipalidad ng Patnanungan noong ika 5 hanggang 9 ng Hunyo taong kasalukuyan na tumuon sa Organikong Agrikultura. Samantala, sa bayan ng Alabat [kabilang ang kalahok mula sa Perez at Quezon], tumuon ang pagsasanay sa IDOFS o Integrated Diversified Organic Farming System noong ika 27 hanggang 29 ng Hunyo taong kasalukuyan.




May kabuuang animnapung (60) magsasaka ang lumahok sa mga pagsasanay. Bilang panimula sa kanilang hanapbuhay, ginawaran ng ATI Region IV-A ng 45 sako ng organikong pataba, 100 kilo ng Molasses, 15 kilo ng African Night Crawler (Vermicomposting), iba't-ibang buto at kumpletong Personal Protective Equipment (PPE), timba, at iba pang gamit

Inaasahan na sa tulong nito ay makagagawa na ng sariling organikong pataba at concoction ang mga nagsipagtapos ng pagsasanay na makatutulong sa pagpapataas ng ani. Maaari ding ibenta ang mga ito, bilang dagdag-kita pa rin para sa pamilya.

# Mga guro at kabataan nagsanay sa Urban Agriculture

Janine L. Cailo

Upang mas mahikayat ang mga kabataan na bumalik sa pag-sasaka, ang Agricultural Training Institute Region IV-A sa pangunguna ng Career, Development, and Management Services (CDMS) Section ay nagsagawa ng pagsasanay ukol sa Urban Agriculture para sa mga guro at estudyante mula sa lungsod ng Lucena.

Mahigit dalawamput-pitong (27) kalahok ang dumalo sa Training on Urban Agriculture na may temang Glamorizing Farming through Urban Agriculture.

Ayon kay G. Roy Roger D. Victoria II ang 4H Focal Person ng ATI IV-A, ang pagsasanay na ito ay binubuo ng dalawang bahagi: una, ang ma-orient ang kabataan sa urban agriculture at ang pangalawa ay makapag-tayo ng communal garden sa mga mapipiling paaralan na magsisilbing demonstration site para sa urban garden. Maliban dito, layunin din ng proyekto na makapaghikayat ng miyembro ng 4H Club sa lungsod ng Lucena.

Dagdag pa ni G. Victoria, bahagi ng tatlong araw na pag-sasanay ang pagtuturo sa iba't-ibang teknolohiya ng hydroponics, sustainable at urban agriculture.

Nagkaroon ng kasanayan ang mga guro at estudyante sa pagtatanim sa patnubay ng mga tagapagsalita mula sa Panlalawigan Agrikultor ng Quezon.

Labis din ang pasasalamat ni John Mark Leosala, 12, estudyante ng Ilayang Iyam Elementary School



na mapabilang bilang kalahok sa makabuluhang pagsasanay dahil mas nalaman niya ang benipisyo ng natural na pagsasaka at pag-iwas sa paggamit ng nakakalason na kemikal sa halaman.

"Ang aking pong mga natutuhan dito ay natuto po akong magtanim ng halaman na hindi ginagamitan ng lupa ng tinatawag na hydrophonics, natuto rin ako na hindi dapat espreyan ang halaman ng lason," salaysay niya.

Ayon kay G. Victoria ang katulad na pagsasanay na ito ay gaganaping muli sa ika 11 hanggang 13 ng Hulyo taong kasalukuyan (batch 2) sa mga guro at estudyante ng Lucena City at ang pagtatayo ng demonstration sites sa dalawamput-isang (21) paaralan sa nasabing bayan sa buwan ng Setyembre.

Isinagawa ang unang pagsasanay sa Cortijo de Palsabangon, Pagbilao, Quezon noong ika - 25 hanggang 27 ng Hunyo taong kasalukuyan.

# Industriya ng mangga, pinalalakas sa bayan ng Gumaca

Maria Rosario Ignacio - Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center, Gumaca, Quezon

GUMACA, Quezon - Sa pangunguna ng Municipal Agriculture Office ng Gumaca at Farmers Information and Technology Services (FITS) Center, isinagawa ang Training on Mango Processing para sa mga miyembro ng Gumaca Mango Growers Association (GMGA).

Pangunahing layunin ng pagsasanay na pataasin ang kalidad at episyenteng produksyon ng mangga sa bayan ng Gumaca. Dagdag dito, layunin nitong pataasin ang halaga ng mangga sa pamamagitan ng paggawa ng iba't-ibang prosesong produkto mula rito. Matapos ang pagsasanay ay matagumpay na nakagawa ang mga kalahok ng mango jam at mango puree.

Upang makumpleto ang kinakailangang kaalaman at kasanayan, hinasa rin ang mga kalahok sa pag-kuwenta ng kita ng bawat produkto. Ang mga ginawang produkto ay naibenta lahat ng miyembro ng samahan sa Gumaca AgriBusiness Center.

Ang pagsasanay ay ginanap noong ika -18 ng Hunyo taong kasalukuyan sa Learning Site ng Magsasaka Siyentista ng FITS Gumaca na si Gng. Melita Severa.



*Mga parating na pagsasanay at gawain*

**Rice**
Establishment of Learning Site (Palayamanan Plus)
Training of Trainers on Climate Resiliency Farm Business School
Awareness Campaign (Rice Crop Manager)
Refresher Course / Capability Enhancement
Training of Trainers on Hybrid Rice
Enhancement of Learning Site (Palayamanan Plus)
CSFBS (Farmer Level)
Info Caravan / Road Show on Food Safety
Module Development

**HVCDP**
Training of Trainers
FFS on HVC
Proposal-Based Training for HVCDP
Field Validation
Success Story Development
LS Establishment
SOA on HVC
Awareness Campaigns
Info Caravan / Road Show on Food Safety

**Organic Agriculture**
OA Competency Training (NC II)
Training on ICS
Training on OA
Seminar on OA (Batang OA: Senior High School)
FFS on OA
SOA on OA
Seminar on OA (Kabatang OA: College Category)
LS Establishment
LS Enhancement
Module Development

**4H**
Baranggulayan sa Siyudad (Glamourizing Farming through Urban Agriculture)
Field Validation
Adopt-A-Farm Youth
Establishment of IP Livelihood Community (Sensing journey to IPs)
Proposal-Based Trainings for 4H Beneficiaries
LS Esablishment
Module Development

**Corn**
Season-Long Training on Corn Production
FFS for the Season-Long on Corn Production
Three-day Training on Corn Production
FSTP Phase 3
Module Development

**Livestock**
Training on Livestock Production with Emphasis on Climate Change Adaptation and Mitigation
Small Ruminant Production Training
Success Story Development
LS Establishment
SOA on Livestock
FFS on Sustainable Pig Farming (Offshoot)
Module Development

**RBO**
Proposal-Based Trainings
Module Development

**Regular**
Kabataang de Kalibre (Municipal Trainings)
Agri-Buhay
Training Support for the Climate Resilient Agriculture Livelihood Community Farm Family
Strategic and Operations Plan Proposal-Based Trainings
Extension and Training Methodology Capacity Development Course
Field Validation
Agri-Trade Fair / Exhibit
MS Enhancement on Climate Change (Training)
Rice Mechanization
Establishment of New CC Community
Success Story Development – CC
FBS Farmer Level
HILING Program
Regional Climate Change Summit
LS Establishment
LS Upgrade
SPA Enhancement
Module Development

***Excellent Extension Services Beyond Boundaries***

## January-June 2018 ACCOMPLISHMENT (Extension Activities)

**Rice**
Extension Activities: **13**
Participants: **384**

**HVCDP**
Extension Activities: **6**
Participants: **128**

**ORGANIC**
Extension Activities: **8**
Participants: **224**

**4H**
Extension Activities: **8**
Participants: **198**

**CORN**
Extension Activities: **6**
Participants: **117**

**LIVESTOCK**
Extension Activities: **5**
Participants: **127**

**RBO**
Extension Activities: **6**
Participants: **126**

**REGULAR**
Extension Activities: **74**
Participants: **1,418**

Total Extension Activities: **126**
Total Participants: **2,722**